



Liberty Utilities®

WATER | GAS | ELECTRIC

Pagpapatigil ng Serbisyo sa Tubig ng Utility

Para sa Di-pagbayad ng Bayarin

Ang bayarin ay itinuturing na paso at delingkwente kung hindi mabayaran sa loob ng 19 na mga araw mula sa petsa ng pagpapadala.

Ititigil ng Liberty Utilities ang serbisyo ng isang account kapag ang kostumer ay naging delingkwente na nang animnapung (60) araw at ipinagbigay-alam na ng utility, sa pamamagitan ng isang nakasulat na abiso. Sa kaganapan na ang isang nakasulat na abiso ay hindi kayang ipadala, ang utility ay makikipag-ugnayan sa kostumer na pinangalanan sa account sa pamamagitan ng isang abiso sa telepono.

Kung ang utility ay hindi kayang makipag-ugnayan sa kostumer, ang utility ay gagawa ng isang mahusay na pagsisikap na mag-iwan ng isang door tag sa tirahan at mag-iwan ng abiso sa pagpapatigil.

Alternatibong Pagsasaayos ng Pagbayad

Sa pagtanggap ng isang abiso sa pagpapatigil, dapat makipag-ugnayan ang kostumer sa utility upang makagawa ng mga pag-aayos sa pagbayad upang maiwasan ang pagpapatigil.

Ang karagdagang impormasyon na may kaugnayan sa mga alternatibong opsyon ng pagbayad ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pagtawag sa **(800) 481-9190**.

Pagbabalik ng Serbisyo sa Tubig.

Pagbayad ng Bayarin sa Muling Pagkonekta at Natitirang Balanse sa Account

Kung saan ang serbisyo ay itinigil, ang utility ay maaaring sumingil ng \$30 para sa muling pagkonekta sa mga regular na oras ng trabaho o \$150 paglampas sa mga oras ng trabaho. Bilang karagdagan, hihilingin ng utility sa kostumer na bayaran ang natitirang balanse sa account at ang isang security deposit upang maibalik ang serbisyo.

Ang mga bayarin sa pagrekonekta/pagdiskonekta ay dapat bayaran nang buo bago maibalik ang serbisyo sa tubig. Ang mga bayaring ito ay dapat bayaran ng cash o money order sa aming tanggapan, o sa pamamagitan ng credit o debit card sa telepono o sa aming website. Ang mga personal na tseke ay hindi tatanggapin. Kailangang gawin ang mga pagbayad at maipaalam ito sa aming tanggapan nang hindi lalampas sa 4:00 p.m. upang maibalik ang serbisyo sa parehong araw. Ang serbisyo ay ibabalik sa susunod na araw ng negosyo kapag natanggap ang bayad paglampas ng 4:00 PM.

Pinatatalunang Bayarin



Liberty Utilities®

WATER | GAS | ELECTRIC

Ang isang kostumer ay maaaring magsimula ng reklamo sa utility para sa imbestigasyon at pagsusuri ng bayarin sa loob ng limang araw mula sa pagtanggap ng isang pinagtatalunang bayarin.

Kung ang kostumer ay hindi nasiyahan sa tugon ng Liberty Utility, ang kostumer ay maaaring magsumite ng isang reklamo sa California Public Utility Commission (CPUC) sa pamamagitan ng pagbisita sa <http://www.cpuc.ca.gov/complaints/>

Ang reklamo sa mga pagsingil at serbisyo ay hinahawakan ng Consumer Affairs Branch (CAB) ng CPUC, na maaari ring maabot sa mga sumusunod na paraan.

Telepono	1-800-649-7570 (8:30 AM hanggang 4:30PM, Lunes hanggang Biyernes)
Koreo	California Public Utilities Commission, Consumer Affairs Branch 505 Van Ness Avenue, Room 2003, San Francisco, CA 94102

Kung ang kaso ng isang kostumer ay nakakatugon sa mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat, bibigyan ng CAB ang kostumer ng mga tagubilin sa kung paano magpapadala ng tseke o money order na itatago habang nakabinbin ang resolusyon ng kaso.

Ang mga kostumer na may kapansanan sa pandinig o may mga limitasyon sa pagsasalita ay maaaring mag-dial ng 711 para sa Serbisyo ng California Relay para sa tulong sa pag-uusap sa telepono.

Uri ng Tawag	Wika	Toll-free 800 na Numero
TTY/VCO/HCO papunta sa Boses	Ingles Espanyol	1-800-735-2929 1-800-855-3000
Boses papunta sa TTY/VCO/HCO	Ingles Espanyol	1-800-735-2922 1-800-855-3000
Mula o papunta sa Salita sa Salita	Ingles at Espanyol	1-800-854-7784